4

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Linggo 8

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
ONE NCR STRONGER TOGETHER

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 4**
**Kuwarter 1: Linggo 8**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Development Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Eric R. Bron, Doris O. Hilario |
| **Content Reviewer:** | Maria Ruena R. Yaptangco, Amalia C. Solis, Andrew E. Tan |
| **External Content Validator:** | Mark Joseph Santos, Kevin Paul Martija |
| **External Language Validator:** | ??? |
| **Illustrator:** | ??? |
| **Layout Artist:** | Elaine Margarett U. Baguio, Albert James Macaraeg |

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Araling Panlipunan |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | Una |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nasusuri ang ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito.<br>Napahahalagahan ang katangiang heograpikal ng bansa. | | | |
| *D. Mga Layunin* | Nailalarawan ang katangiang heograpikal ng Pilipinas | Naipaliliwanag ang ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito. | Natatalakay ang kahalagahan ng katangiang heograpikal sa pag-unlad ng bansa | Napahahalagahan ang katangiang heograpikal ng bansa<br>Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa |
| *E. Disenyong Instruksyunal* | Ideational, Integrative, Context, Connection, Collaboration, Experience | Ideational, Integrative, Context, Connection, Experience | Ideational, Integrative, Context, Connection, Creativity, Experience | Ideational, Integrative, Innovative, Context, Connection, Collaboration, Creativity, Experience, Engage |
| *F. 21st Century Skills* | Communication Skills<br>Information Media & Tech. Skills<br>Learning and Innovation Skills | Communication Skills<br>Information Media & Tech. Skills<br>Learning and Innovation Skills<br>Life and Career Skills | Communication Skills<br>Information Media & Tech. Skills<br>Learning and Innovation Skills<br>Life and Career Skills | Communication Skills<br>Information Media & Tech. Skills<br>Learning and Innovation Skills<br>Life and Career Skills |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>II. NILALAMAN/PAKSA</td><td colspan="4">Kahalagahan ng Katangiang Heograpikal sa Pag-unlad ng Bansa</td></tr>
<tr><td></td><td>Katangiang Heograpikal ng Pilipinas</td><td>Ugnayan ng Lokasyon ng Pilipinas sa Heograpiya Nito</td><td>Kahalagahan ng Katangiang Heograpikal sa Pag-unlad ng Bansa</td><td>Pagpapahalaga sa Katangiang Heograpikal ng Bansa</td></tr>
<tr><td colspan="3">III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td>A. Mga Sanggunian</td><td colspan="4">Araling Panlipunan 4, Kagamitan ng Mag-aaral, Kagawaran ng Edukasyon ng Republika ng Pilipinas, pp108-109</td></tr>
<tr><td>B. Iba pang Kagamitan</td><td colspan="4">https://www.youtube.com/watch?v=tbjuPe2g3Pc (Lopez, J. (2021, October 3). AP 4 NASUSURI ang ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa Heograpiya nito. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=tbjuPe2g3Pc)</td></tr>
<tr><td colspan="5">IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO</td></tr>
<tr><td colspan="5">Bago Ituro ang Aralin</td></tr>
</table>





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | Action Song<br>Ipanood ang *video* sa klase at lapatan ito ng sariling aksiyon.” Bansang Pilipinas” (Awit tungkol sa Heograpiya ng Pilipinas)<br><br>Reference:Garcia, M. J. (2020, November 8). *Bansang Pilipinas (Awit Tungkol Sa Heograpiya ng Pilipinas)*. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=SLS9wuDvcz0 | Balik-aral:<br>Dugtungan ang pangungusap ayon sa larawan upang mabuo ang kaisipan.<br><br>Ang Pilipinas ay bansang napapalibutan ng<br><br>Reference: *Ocean*. Image. Canva. www.canva.com<br><br>na binubuo ng tatlong malalaking<br><br>Reference: *Island*. Image. Canva. www.canva.com)<br><br>Mayaman ang Pilipinas sa mga anyong ________ | Balik -Aral:<br>Isulat ang mga sumusunod na salita sa *meta strips*. Idikit sa Mapa ng Pilipinas na nasa pisara ang *meta strip* na tumutugon sa tanong ng guro.<br><br>**Celebes Sea**<br>**West Philippine Sea**<br>**Bashi Channel**<br>**Timog Silangang Asya**<br>**Karagatang Pasipiko** | Ipaliwanag ang kahalagahan ng mga sumusunod na katangiang heograpikal ng Pilipinas<br><br>1.mga anyong lupa at tubig (topograpiya)<br>2. mga likas na yaman<br>3.lokasyon ng bansa<br>4.klimang tropikal<br>5.kapuluan o arkipelagong anyo |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | <br>Reference: *Land Forms*. Image. Canva. www.canva.com<br><br>anyong ________<br><br>Reference: *Water Forms*. Image. Canva. www.canva.com<br><br>at iba pang likas na ________ | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | |  <br>Reference: *Natural Resources*. Image. Canva. www.canva.com | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Pamprosesong tanong:<br>1.Ano ang inilalahad sa ng awiting nilapatan ng aksyon.<br>2. Paano inilalarawan ang Pilipinas sa awitin? | Pagsusuri ng larawan<br>Ano ang ipinapakita sa larawan?<br><br>Reference: *Islands*. Image. Canva. www.canva.com<br>Sa iyong palagay saan kaya matatagpuan ang lokasyon ng isla o pulong ito?<br>Ano ang tawag o pagkakilala rito? | Ipakita ang islogan na<br><br>Simpson, C. (2018). *It's More Fun in the Philippines Slogan*. Cara's Peace Corps Blog. Retrieved from https://carasimpsonpcv.wordpress.com/.<br>Ano ang ipinahihiwatig ng islogan? | Panoorin ang bidyo<br>*Welcome back to the Philippines!*. (2022, February 12). Tourism Philippines. https://www.youtube.com/watch?v=K2Cjf8gHH3Y<br>Ano ang ipinakita sa pinanood na bidyo?<br>Sa inyong palagay, ang magagandang lugar ba na napanood ninyo sa video na bahagi ng ating topograpiya ay maaaring masira at mawala ang kagandahan?<br>Bakit? Sa paanong paraan? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Tandaan ang mga sumusunod na mga salita na gagamitin sa pagtalakay ng paksa:<br><br>**Katangian-** tumutukoy sa paglalarawan ng kalidad ng tao. bagay, lugar, o pangyayari<br>**Heograpiya**- siyentipikong pag-aaral ng katangiang pisikal ng daigdig at paraan ng pamumuhay rito. | **Lokasyon**- kinaroroonan o kinalalagyan ng isang lugar o bagay<br>***Maritime* o *Insular*** – tumutukoy sa katubigang nakapaligid sa isang bansa<br>**Kapuluan** -pangkat ng mga pulo na napaliligiran ng tubig<br>**Istratehikong Lokasyon**- mainam na lokasyon sa larangan ng kalakalan, turismo, at militarisasyon. | **Arkipelago** - isang anyong lupa na binubuo ng malalaki at maliliit ng ma pulo.<br>**Topograpiya** – pag-aaral at paglalarawan ng mga katangiang pisikal ng isang lugar. | **Pangkatang Gawain**<br>Ang bawat pangkat ay magsasagawa ng maikling presentasyon na nagpapakita ng pagpapahalaga sa heograpiya ng bansa<br><br>Pangkat 1-<br>Pagpapahalaga sa mga anyong lupa at tubig (topograpiya)<br><br>Pangkat 2<br>Pagpapahalaga sa lokasyon ng bansa<br><br>Pangkat 3<br>Pag-aangkop sa klimang naraaranasan ng bansa<br><br>Pangkat 4<br>Pagpapahalaga sa mga kautihang dulot ng pagiging kapuluan o arkipelago<br><br>Pangkat 5<br>Pagpapahalaga ng mga tao sa likas kayang pag-unlad (sustainable development) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Magpakita ng mapa ng PIlipinas<br>Anong bansa ang tinutukoy sa mapang ito?<br>Gawain: *Think- Pair- Share*<br><br><br>*Source:Free Vector \| Flat design Philippine map*. (2022, May 6). Freepik. https://www.freepik.com/free-vector/flat-%20design-philippine-%20map_26557762.htm#fromView=search&pa%20ge=1&position=12&uuid=6ec041f3<br>Tanong: Paano mo ilalarawan ang bansang Pilipinas gamit ang mapa?<br>Panuto sa Gawain: Basahin nang tahimik ang tanong at isipin ang sagot dito.<br>Pagkatapos sagutan ang tanong ay humanap ng kamag -aral na makakapareha. Ibahagi sa isa't-isa ang mga naging kasagutan sa tanong. | Panoorin ang bidyo: Ugnayan ng Lokasyon sa Heograpiya ng Bansa<br>October 16). *Araling Panlipunan 4: Ugnayan ng Lokasyon sa Heograpiya ng Bansa \| Quarter1_Week4 \| PH PILIPINAS* [Video]. YouTube.<br>(Paunawa: Maaaring maghanap ang guro ng iba pang *video* kaugnay ng aralin)<br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Paano mo ilalarawan ang *insular* o *maritime* na lokasyon ng Pilipinas?<br>2. Ano ano ang mga kapakinabangang dulot ng *insular* na lokasyon ng bansa?<br>*(Gamitin ang Tsart sa Bahagi ng Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa pagsagot sa tanong na ito)*<br>3.Sa mga kapakinabangang ito, alin ang maituturing mong lubos na mahalaga sa bansa? Bakit?<br>4.Bakit sinasabing istratehiko ang lokasyon ng bansa?<br>5. Ano ano ang hamon o di mabuting naidudulot ng insular na lokasyon ng bansa? | Ipabasa sa mga bata:<br>Ang Pilipinas ay isang arkipelago. Ang arkipelago ay isang anyong lupa na binubuo ng malalaki at maliliit na mga pulo. Ang pagiging arkipelago ng bansa ay may malaking pakinabang sa pag-unlad ng bansa. May malalawak itong kapatagan na may malalaking taniman ng palay at iba pang produkto katulad ng tubo, mais: mahahabang bulubundukin na nagsisilbing panangga sa mga bagyong dumarating: nakabibighaning mga bulubundukin, at bulkan na bagaman may panganib ay nagsisilbing pasyalan, napakagandang dalampasigan na nagbibigay saya lalo na sa panahon ng tag- init: nakahihikayat na mga ilog, lawa, at talon; at malalaki at maliliit na mga pulo.<br>Ang pagiging masagana ng bansa sa mga katangiang ito ay nagbibigay ng | Pag-unawa sa Presentasyon<br>(Mga Prosesong Tanong)<br>1. Alin sa mga presentasyon ang malinaw na nagpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran at likas kayang pag-unlad? Anong bahagi ng presentasyon ang magpapatunay nito?<br>2. Alin sa mga presentasyon ang iyong naibigan? Bakit?<br>3. Bakit nararapat pahalagahan ang mga katangiang heograpikal ng ating bansa?<br>4.Paano mo maipapakita sa sariling pamamaraan ang pagpapahalaga sa mga katangiang heograpikal ng bansa? |





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr><td></td><td>Pumili ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga naging kasagutan at pag-uusap sa klase.<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Paano nagkakatulad/nagkakaiba ang iyong sagot sa iyong kapareha?<br>2. Bakit kaya ito magkatulad/magkaiba?<br>Ano ang inyong natutuhan sa isa't-isa tungkol sa bansang Pilipinas gamit ang mapa.</td><td></td><td>pakinabang sa kaunlaran ng bansa at ng pamahalaan.<br><br>Sanggunian:<br>Araling Panlipunan 4, Kagamitan ng mag-aaral, Kagawaran ng Edukasyon ng Republika ng Pilipinas, p108-109<br><br>Pamprosesong Tanong<br>1. Ano -ano ang halimbawa ng topograpiya ng Pilipinas?<br>2. Paano mo ilalarawan ang topograpiya ng Pilipinas?<br>3. Ano ano ang mga hanapbuhay na kaugnay ng heograpiya ng bansa?<br>4. Bakit mahalaga na malaman natin ang katangiang heograpikal ng ating bansa?<br>5. Paano nakakaaapekto ang katangiang heograpikal ng bansa sa pag-unlad nito?</td><td></td></tr>
<tr><td>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</td><td>Talakayan:<br>Ang katangiang heograpikal ng ating bansa ay mailalarawan sa pamamagitan ng topograpiya nito. Ang topograpiya ay pag-aaral at paglalarawan ng mga katangiang pisikal ng isang lugar<br>Ang Pilipinas ay binubuo ng tatlong malalaking pulo. May mga lugar na bulubundukin at kapatagan ang matatagpuan sa</td><td>Punuan ang Tsart<br>Kabutihang Naidudulot ng Insular na Lokasyon ng Pilipinas<br><table><tr><th>Aspekto</th><th>Halimbawa/ Paliwanag</th></tr><tr><td>Seguridad</td><td></td></tr><tr><td>Kalakalan at Transportasyon</td><td></td></tr><tr><td>Pangkabuhayan</td><td></td></tr><tr><td>Turismo</td><td></td></tr></table></td><td>Magbigay ng mga sitwasyon o pangyayari na nagpapakita ng kahalagahan ng katangiang heograpikal sa pag-unlad ng bansa<br>sa tulong ng Tsart<br><table><tr><th>Katangiang Heograpikal</th><th>Sitwasyon/ Pangyayari</th><th>Epekto sa Pag-unlad ng</th></tr></table></td><td>Sang-ayon o Di sang-ayon<br>1. Pagtatapon ng basura sa katubigan.<br>2.Pagbabawal ng pamahalaan sa pagtatayo ng mga gusali na makasisira sa magandang tanawin sa dalampasigan</td></tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td></td>
<td>bansa.<br><br>Ang Pilipinas ay napapalibutan ng anyong tubig. Ito ay binubuo ng maraming malalaki at maliliit na pulo. Ito ay tinatawag na isang kapuluan o arkipelago.<br>Maraming likas na yaman ang Pilipinas.<br><br>Sa kasalukuyan ay mayroong 18 rehiyon na bumubuo sa Pilipinas.<br><br>(Dagdagan pa ng guro ang nilalaman ng pagtalakay sa paksa)</td>
<td></td>
<td><table><tr><td></td><td></td><td>bansa</td></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table></td>
<td>3.Paghikayat sa kapwa mag-aaral na magtanim ng puno, at halamang namumulaklak.<br><br>4.Pagpapaubaya sa ibang bansa ng mga isla o pulo na bahagi ng teritoryo ng bansa.<br><br>5.Pakikiisa sa mga programa ng pamahalaan tungkol sa pangangalaga sa ating kapaligiran.</td>
</tr>
<tr>
<td>Pagpapalalim ng Kaalaman<br>at Kasanayan sa Mahahalagang<br>Pag-unawa/Susing Ideya</td>
<td>Pangkatin ang mga mag-aaral at sagutan ang concept map. Ipaliwang ng lider ng pangkat ang nabuong concept map.<br><br></td>
<td>Pagsusuri sa Karikatura<br><br><br>West Philippine Sea. (2022, August 29). The Manila Times. https://www.manilatimes.net/2022/08/30/opinion/editorial-cartoon/west-philippine-sea/1856458<br><br>Panuto: Sumulat ng 3-5 pangungusap tungkol sa karikatura na maiuugnay sa lokasyon at heograpiya ng bansa,</td>
<td>Magbigay ng mga halimbawa ng programa ng pamahalaan kaugnay ng pangangalaga at pagpaunlad ng mga katangiang heograpikal ng bansa.</td>
<td>Sumulat ng 3-5 pangungusap na nagpapakita ng pagpapahalaga sa heograpiya ng ating bansa.</td>
</tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | gayundin sa isyu ng China at Pilipinas tungkol sa teritoryo. | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Maraming pulo ang bumubuo sa Pilipinas kaya't ito ay tinatawag na isang________. Ang 3 pinakamalalaking pulo dito ay ang _____,_____, at_____. Ito ay napapalibutan ng mga anyong ________. | Natutuhan ko sa aralin ang __________.<br>Ang istratehikong lokasyon ng Pilipinas ay nagdudulot ng _________.<br>Maipagmamalaki ko ang lokasyong insular ng Pilipinas sapagkat _________ | Ipaliwanag ang kahalagahang naidudulot ng katangiang heograpikal sa pag -unlad ng bansa. | Bakit dapat na pahalagahan ang katangiang heograpikal ng ating bansa? |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Panuto:**<br>Ipakita ang Thumbs-up kung ang pangungusap ay tumutukoy sa tamang paglalarawan sa katangiang heograpikal ng Pilipinas at Thumbs-down kung mali<br>1.Ang bansang Pilipinas ay napalilibutan ng katubigan.<br>2.Maraming bulubundukin at kapatagan ang matatagpuan sa Pilipinas.<br>3.May tropikal na klima ang Pilipinas. Ito ay tag-init at tag-lagas.<br>4.Ang pinamalaking pulo sa Pilipinas ang Mindanao.<br>5.Mayaman ang Pilipinas sa mga likas na yaman gaya ng bulubundukin, kapatagan, katubigan at mineral. | **Panuto:**<br>Isulat ang TAMA kung wasto ang ipinapahayag ng pangungusap at MALI kung hindi.<br>1. Ang maritime o insular na lokasyon ng bansa ay may kaugnayan sa kasaysayan nito.<br>2. Nakahihikayat ng turismo ang mga magagandang dalampasigan at baybayin sa bansa<br>3. Ang insular na lokasyon ng bansa ay hindi nagdudulot ng banta sa seguridad ng bansa.<br>4. Pangunahing suliranin ang pakikipagkalakalan dahil sa insular na lokasyon ng bansa.<br>5.Maraming kapakinabangang naidudulot sa bansa ang insular na lokasyon nito. | **Panuto:**<br>Punuan ang patlang.<br>1.Nalaman ko na ang katangiang heograpikal ng Pilipinas ay_______________.<br>2.Naramdaman ko ang ______ sa katangiang heograpikal ng bansa<br>3.Isasagawa ko ang ____________________ bilang pagpapahalaga sa katangiang heograpikal ng bansa. | **Panuto:**<br>Lagyan ng tsek **(/)** kung ang sumusunod na sitwasyon ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa katangiang heograpikal ng bansa at ekis **(X)** naman kung hindi.<br>___1. Si Jose ay gumuhit ng poster bilang kampanya laban sa hindi tamang paraan ng pagmimina sa mga kabundukan.<br>___ 2. Si Jane ay nakiisa sa programa ng kanilang barangay na pagtatanim ng mga punong kahoy sa kanilang lugar.<br>___ 3. Ipagmamalaki ni Dante ang mga lokal |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | na magagandang tanawin sa kanilang lugar at tumutulong sa pagpapanatili ng kaayusan nito.<br>___ 4. Nagtapon ng basura sa *creek* ang inyong kapitbahay.<br><br>___ 5. Nakikinig nang mabuti si Bryan sa paliwanag ng guro tungkol sa teritoryo at mga likas na yaman ng bansa. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Alamin Natin:<br>Isulat ang mga lalawigang bumubuo sa iba't-ibang rehiyon sa Pilipinas.<br>Magdala ng mapa ng Pilipinas. | Pangatwiranan Natin:<br>Mabuti o di mabuting naidudulot ng insular na lokasyon ng bansa: Alin ang mas nakahihigit? | Picture Collage Ating Gawin:<br>Gumawa ng picture collage na nagpapakita ng kahalagahan ng katangiang heograpikal sa pag-unlad ng bansa.<br>(Inaasahang maghanda ang guro ng rubric para sa pagmamarka nito) | Advocacy Campaign Natin:<br>Gumawa ng advocacy campaign na nagpapakita ng pagpapahalaga sa heograpiya ng ating bansa<br>*(Maaari ring slogan, poster, awit, tula depende sa kakayahan ng bata)*<br>(Inaasahang maghanda ang guro ng rubric para sa pagmamarka nito) |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph